

# 5 BAGAY NA KAILANGAN MONG MALAMAN PATUNGKOL SA MULING PAGDIDISTRITO SA CALIFORNIA

## 1. Ang pagdidistrito ay nangyayari lamang ng isang beses sa bawat 10 taon – katulad ng pag-ulan ng bulalakaw o eklipse ng araw, hindi mo ito papalagasin.

Ang pagdidistrito ay isang oportunidad upang masiguro na ang iyong komunidad ay maayos na nairerepresenta sa gobyerno. Sa 2021, iguguhit muli ng California ang mga linya na tutukoy kung sino ang magrerepresenta sa iyo sa Kongreso, asembleya ng estado, Senado ng estado, at Board of Equalization ng estado.

## 2. Ang mga bagong linya ng distrito ang magtutukoy kung ang iyong komunidad ay maaaring maghalal ng mga tao na totoong nakakaintindi at makakapagrepresenta sa iyo.

Ang mga mapa na lalabas mula sa muling pagdidistrito ay magtutukoy kung aling mga komunidad ang igugrupo ng magkasama upang makapili ng kanilang ihahalal na mga kinakatawan. Mas magiging madali ang paghahalal ng taong nakakaintindi ng iyong mga pananaw at pangangailangan kung ikaw ay nasa distrito kasama ng mga taong may parehas na interes at pangangailangan.



## 3. Ang pagpapanatili ng pagkakasamasama ng iyong komunidad sa mga bagong mapa ay makakatulong sa paggawa ng mga pagbabago na iyong nais sa iyong komunidad.

Ang mga linya ng distrito ay maaaring iguhit upang palakasin ang ilang mga boses habang pinapanahimik ang iba. Ipagpalagay natin na ang iyong komunidad ay nahahati sa maraming distrito. Sa susunod na sampung taon, mas magiging mahirap na para sa sinumang nahalal na opisyal na unahin kung ano ang importante sa iyong komunidad – ito man ay mga mas ligtas na mga daan sa iyong o mas magandang mga paaralan para sa iyong mga anak.

## 4. Ang proseso ng muling pagdidistrito sa California ay isa sa mga pinakamalinalaw sa bansa.

Ang mga mapa ng distrito ay dapat inaupdate kasama ang impormasyon ng bagong populasyon mula sa Senso ng 2020. Sa pamamagitan nito, ang bawat nahalal na opisyal ay mairerepresenta ang mga taga-California sa patas na bilang. Ngunit hindi ito laro ng mga numero. Ang proseso ng muling pagdidistrito sa buong estado ay pinangungunahan ng mga mamamayan at ang lahat ng mga pagpupulong ay nakapubliko upang ang mga miyembro ng komunidad ay direktang nakakalahok. Sa katunayan, dapat tanggapin ng komisyon ang anumang puna o komentaryo mula sa publiko sa tuwing sila ay gagawa ng desisyon.



## 5. Maaari kang gumuhit ng mapa ng iyong sariling komunidad, at ang Komisyon ay maaaring ikonsidera ito sa pagguhit nila ng mga bagong linya ng distrito.

Kailangang marinig ng California Citizens Redistricting Commission ang iyong boses tungkol sa iyong komunidad. Maaari mong gamitin ang isang tool na nahahanap online upang gumuhit ng mapa at ipaliwanag kung ano ang naglalapit sa inyo, sumulat sa Komisyon ng deskripsiyon, o dumalo sa mga pangrehiyong pandinig upang tumimbang bilang kasapi ng iyong komunidad. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa isang lokal na organisasyon upang matulungan kang gumawa ng testimonya at gumuhit ng mapa ng iyong komunidad para makonsidera ng Komisyon.

***Ngayong ikaw ay isa nang eksperto, kailangan ka naming makilahok sa pagdidistrito ngayong taon!***

***Maaari mong makita ang iba pang impormasyon sa: [bit.ly/ALC-CA-Redistricting](http://bit.ly/ALC-CA-Redistricting)***